Kagawaran ng Ugnayan sa Pang-industriya Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa ng California (California Department of Industrial Relations Division of Workers Compensation)

DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION
CALIFORNIA DEPARTMENT OF INDUSTRIAL RELATIONS

# Mga Sagot Sa Iyong Mga Tanong Tungkol sa Impormasyon sa Kompensasyon ng Manggagawa

## Ano ang kompensasyon ng mga manggagawa?

Kung masaktan ka sa trabaho, ang iyong tagapag-empleyo ay inaatasan ng batas na magbayad para sa mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa. Maaari kang masaktan sa pamamagitan ng:

Isang pangyayari sa trabaho. Mga halimbawa: nasaktan ang iyong likod dahil sa pagkahulog, pagkasunog dahil sa isang kemikal na tumalsik sa iyong balat, masaktan dahil sa isang aksidenteng nauugnay sa sasakyan habang naghahatid.

—o—

Paulit-ulit na pagkakalantad sa trabaho. Mga halimbawa: masaktan ang iyong pulsohan mula sa paulit-ulit na paggawa ng parehong galaw, pagkawala ng iyong pandinig dahil sa patuloy na malakas na ingay.

## Ano ang mga benepisyo?

- **Pangangalagang medikal:** Babayaran ng iyong tagapag-empleyo, para matulungan kang gumaling mula sa isang natamong sugat/pinsala o sakit na dulot ng trabaho.

- **Mga benepisyo sa pansamantalang kapansanan:** Mga pagbabayad kung nawalan ka ng sahod dahil pinipigilan ka ng iyong natamong sugat/pinsala na gawin ang iyong kinagawian trabaho habang nagpapagaling.

- **Mga benepisyo sa permanenteng kapansanan:** Mga pagbabayad kung hindi ka ganap na gumaling.

- **Mga karagdagang benepisyo sa paglilipat ng trabaho** (kung ang petsa ng iyong natamong sugat/pinsala ay sa 2004 o mas bago): Mga voucher na makakatulong sa pagbabayad para sa muling pagsasanay o pagpapahusay ng kasanayan kung hindi ka ganap na gumaling at hindi bumalik sa trabaho para sa iyong tagapag-empleyo.

- **Mga benepisyo sa pagkamatay:** Mga pagbabayad sa iyong asawa, mga anak o iba pang mga umaasa kung namatay ka dahil sa natamong sugat/pinsala o sakit sa trabaho.

## Ano ang dapat kong gawin kung nasugatan o nagkaroon ako ng pinsala sa trabaho?

**Iulat ang natamong sugat/pinsala sa iyong tagapag-empleyo**

Sabihin kaagad sa iyong superbisor. Kung unti-unting nagkaroon ka ng sugat/pinsala o sakit (tulad ng tendinitis o pagkawala ng pandinig), iulat ito sa sandaling malaman mo o naniniwala kang sanhi ito ng iyong trabaho.



Mga larawan ni Robert Gumpoert

*Pagbabawas sa epekto ng mga sugat/pinsala at sakit na nauugnay sa trabaho*



*Pagtulong sa paglutas ng mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa*



*Pagsubaybay sa pangangasiwa ng mga paghahabol*

**Kumuha ng agarang paggamot kung kinakailangan**

Kung isa itong biglaang pangangailangan sa pagpapagamot, pumunta kaagad sa isang emergency room. Maaaring sabihin sa iyo ng iyong tagapag-empleyo kung saan pupunta para sa paggamot. Sabihin sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa iyo na ang iyong sugat/pinsala o sakit ay nauugnay sa trabaho.

**Punan ang isang pormularyo ng paghahabol at ibigay ito sa iyong tagapag-empleyo**

Dapat bigyan o ipadala sa iyo ng iyong tagapag-empleyo ang isang pormularyo ng paghahabol (DWC 1) sa loob ng isang araw na may trabaho pagkatapos malaman ang tungkol sa iyong natmong sugat/pinsala o sakit. Gamitin ito para humiling ng mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Kumuha ng mahusay na pangangalagang medikal**

Kumuha ng mahusay na pangangalagang medikal para matulungan kang gumaling. Dapat kang gamutin ng isang doktor na nauunawaan ang iyong partikular na uri ng sugat/pinsala o sakit. Sabihin sa doktor ang tungkol sa iyong mga sintomas at ang mga pangyayari sa trabaho na pinaniniwalaan mong naging sanhi ng mga ito. Ilarawan din ang iyong trabaho at ang iyong kapaligiran sa trabaho.



*Tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa website na www.dwc.ca.gov para mahanap ang opisina ng I & A na malapit sa iyo.*

**Natatakot ako na baka matanggal ako sa trabaho dahil sa aking sugat/pinsala. Maaari ba akong tanggalin ng aking tagapag-empleyo?**

Labag sa batas para sa iyong tagapag-empleyo na parusahan o tanggalin ka sa trabaho dahil sa pagkakaroon ng sugat/pinsala sa trabaho, o sa paghahain ng paghahabol para sa kompensasyon ng mga manggagawa kapag naniniwala kang ang natamong sugat/pinsala ay dahil sa iyong trabaho.

Kung sa tingin mo ay nanganganib ang iyong trabaho, humanap ng taong makakatulong. Tandaan na may mga hangganang panahon para sa pagkilos upang protektahan ang iyong mga karapatan.

Ang Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Division of Workers' Compensation, DWC) ng California ay ang ahensya ng estado na nangangasiwa sa paghahatid ng mga benepisyo para sa mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala at tumutulong sa paglutas ng mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyo sa pagitan ng mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala at mga tagapag-empleyo.

Matutulungan ka ng mga opisyal ng Impormasyon at Tulong (Information and Assistance, I & A) ng DWC na mag-navigate sa sistema ng kompensasyon ng mga manggagawa, at maaaring magbigay ng mga pormularyong paghahabol o iba pang pormularyo na kailangan mo para makatanggap ng mga benepisyo.

Maaaring i-download ang LIBRENG publikasyon na, "A Guidebook for Injured Workers (Isang Giyang aklat para sa mga Manggagawang Nagtamo ng Sugat/Pinsala)," mula sa www.dwc.ca.gov

*Ang impormasyong nakapaloob dito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang kapalit ng ligal na payo. Ang mga pagbabago sa batas o ang mga partikular na katotohanan ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga ligal na interpretasyon na iba sa mga ipinakita dito.*

DIR EST. 1927 State of California Department of Industrial Relations
1515 Clay Street, 17th Floor
Oakland, CA 94612



Ang misyon ng DWC: Pagbabawas sa epekto ng mga sugat/pinsala at sakit na nauugnay sa trabaho. Pagtulong sa paglutas ng mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa. Pagsubaybay sa pangangasiwa ng mga paghahabol.

Tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa website na www.dwc.ca.gov para mahanap ang Yunit para sa Impormasyon at Tulong (Information & Assistance Unit) na malapit sa iyo.